

SCAN ME



Manalo ng  
\$500 na mga  
scholarship!



**TEMA:**

Kinabukasang Sulit Pag-Ipunan

**PETSA NG PAGSISIMULA:**

Lunes, Pebrero 24, 2025

**DEADLINE NG PAGSUSUMITE:**

Lunes, Marso 24, 2025 nang 5pm

**I-follow kami!**

 [@K2CSE](#) |  [@K2CLatino](#) |  [@K2CSE](#)

Tingnan ang likod para sa mga panuntunan  
ng patimpalak



KINDERGARTEN  
TO COLLEGE

# MANALO NANG HANGGANG \$500 NA MGA SCHOLARSHIP PARA SA KOLEHIYO!

**SIMULA NG PATIMPALAK:**

Lunes, Pebrero 24, 2025

**DEADLINE NG PAGSUSUMITE:**

Lunes, Marso 24, 2025 nang 5pm

## Mga Panuntunan ng 2025 Mga Patimpalak sa Art & Video ng K2C

Narito na ang 2025 Mga Patimpalak sa Art & Video ng K2C na may temang, “A Future Worth Saving For (Kinabukasang Sulit Pag-Ipunan)”! Iniimbitahang lumahok sa alinmang patimpalak ang mga kasalukuyang estudyante mula Kindergarten hanggang Ika-12 baitang sa SFUSD na may aktibong account sa K2C. Pipili ang K2C ng tatlong pararangalan sa buong lungsod para sa bawat hanay ng baitang at bibigyan ng mga scholarship na hanggang \$500. Makakatanggap din ng \$10 na insentibo sa kanilang K2C account tungo sa kanilang ipon sa kolehiyo ang unang 50 entry para sa dalawang patimpalak.

### **PAGIGING KARAPAT-DAPAT**

Kasalukuyang mga estudyante ng baitang K-12 ng San Francisco Unified School District na may aktibong savings account na Kindergarten to College (K2C). Mag-email sa [k2c@sfgov.org](mailto:k2c@sfgov.org) para sa mga karaniwang tanong tungkol K2C o sa [jp.davis@sfgov.org](mailto:jp.davis@sfgov.org) para sa mga tanong na partikular sa patimpalak.

### **MGA PREMYO**

- Mga Pararangalan sa Buong Lungsod
  - Mga hanay ng baitang - (baitang K-2) (baitang 3-5) (baitang 6-8) (baitang 9-12) ay makakatanggap ng sumusunod na premyo:
    - Unang Gantimpala: \$500 na Scholarship sa K2C
    - Ikalawang Gantimpala: \$300 na Scholarship sa K2C
    - Ikatlong Gantimpala: \$100 na Scholarship sa K2C
- Sertipiko ng pagkilala bilang pinarangalan sa buong lungsod
- Pagkilala sa mga social media platform at website ng K2C



## TEMA

### "Kinabukasang Sulit Pag Ipunan"

#### MGA KINAKAILANGAN SA PAGSUSUMITE (TINGNAN ANG MGA SEKSYON NG ART O VIDEO SA IBABA)

##### 1. Mga Kinakailangan sa Pagsusumite sa Patimpalak sa Art

- a. Gumawa ng isang orihinal na likhang-sining sa anyong portrait sa 8.5" x 11" (US Letter) gamit ang malikhaing disenyo o larawan na nagpapahiwatig ng temang "Ano para sa iyo ang ibig sabihin ng kinabukasang sulit pag-ipunan?"
- b. Puwedeng nasa anumang anyo ng media ang lahat ng iginuhit/likhang-sining. Halimbawa, pen, watercolor, computer graphics, o iba pang malikhaing mode.
- c. Sumite ang iyong likhang-sining sa aming Google form na kasama ang iyong impormasyon. Para sa anumang tanong o suporta, puwede kang mag-email sa [jp.davis@sfgov.org](mailto:jp.davis@sfgov.org).
- d. Hindi pinapayagan ang mga larawang may copyright.

##### 2. Mga Kinakailangan sa Pagsusumite ng Patimpalak sa Video:

- a. Gumawa ng orihinal na video na nagpapahiwatig ng temang "Para sa iyo, ano ang ibig sabihin ng kinabukasang sulit pag-ipunan?"
- b. Lahat ng entry ay dapat magsimula sa maikling (hal. 5 segundo) "title screen" na naglalaman ng sumusunod na impormasyon:
  - i. Buong pangalan ng estudyante
  - ii. Pangalan ng Paaralan
  - iii. Baitang
  - iv. Pamagat ng Video
- c. Dapat na may tagal na tinatayang 1 minuto ang mga isinumiteng video (hindi kasama ang 5 segundong title screen).
- d. Isumite ang iyong video sa aming Google form na kasama ang iyong impormasyon. Para sa mga lubhang malaking file na i-email o i-upload, ipadala ito gamit ang serbisyo ng file sharing (hal. Google Drive, Dropbox). Para sa suporta, mag-email sa [jp.davis@sfgov.org](mailto:jp.davis@sfgov.org).
- e. Hindi pinapayagan ang mga larawang may copyright.



### PARA SA LAHAT NG ISUSUMITE NG ESTUDYANTE

- Iniimbitahang lumahok ang lahat ng naka-enroll na estudyante ng SFUSD, pero bibigyan lang ng parangal ang mga estudyante na may aktibong savings account sa K2C.
- Puwede lang lumahok ang mga estudyante sa isang kategorya ng patimpalak - alinman sa video o art.
- Kailangang matanggap ang lahat ng pagpapasa ng estudyante hanggang Lunes, Marso 24, 2025 nang 5pm.
- Kailangang kasama sa mga pagpapasa ang pangalan, baitang, paaralan, numero ng ID, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng estudyante.
- Pinal ang desisyon ng K2C - ianunsyo ang pagpaparangal sa [www.K2CSF.org](http://www.K2CSF.org) sa huling bahagi ng Abril 18, 2025.

### MGA PAMANTAYAN SA PAGHUHUSGA

- Pagbibigay-kahulugan ng temang “A Future Worth Saving For (Kinabukasang Sulit Pag-Ipunan)?” - malinaw bang ipinapakita ng likhang-sining o video ang kahulugan ng kinabukasang sulit pag-ipunan sa mga ito?
- Pagkamalikhain - nagpapakita ba ng imahinasyon, pagiging orihinal, o pagkamalikhain sa pagpapahayag ang likhang-sining o video?
- Kaugnayan sa programa ng K2C - sumusunod ba ang likhang-sining o video sa misyon ng K2C na isulong ang mga hangarin sa pagtitipid, pananalapi, kolehiyo, at karera ng mga estudyante?

